Republic of the Philippines
**SANGGUNIANG BAYAN**
Taytay, Rizal

*PK Blg. 2505 - 070*

**KAPASYAHAN BLG. 597 serye ng 2025**

## PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI KGG. ALMARIO ATANACIO CRUZ AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY, RIZAL

| | |
|---|---|
| May Akda at Nagpanukala: | Pangulo LnB Roseller Z. Valera |
| Kapwa Nagpanukala: | Pang. Punong Bayan Sophia Priscilla L. Cabral |
| | Kon. Jan Victor B. Cabitac |
| | Kon. Ma. Jeca B. Villanueva |
| | Kon. Philip Jeison J. Cruz |
| | Kon. Patrick John P. Alcantara |
| | Kon. John Tobit E. Cruz |
| | Kon. Joanne Marie P. Calderon |
| | Kon. Ma. Elaine T. Leonardo |
| | Kon. Andres C. Cruz Jr. |
| | Pangulo Ped. SK Lucia Marie D. Alcantara |

SAPAGKAT, si Kgg. Almario Atanacio Cruz ay naging isang huwarang lingkod bayan na tapat at buong pusong naglingkod sa mga mamamayan ng Taytay, Rizal;

SAPAGKAT, siya ay naglingkod bilang Vice Mayor ng Bayan ng Taytay mula Enero 1, 1972 hanggang Disyembre 9, 1975, at bilang Konsehal mula Enero 5, 1976 hanggang Oktubre 2, 1979, kung saan ipinamalas niya ang kanyang malasakit, katapatan, at dedikasyon sa tungkulin;

SAPAGKAT, sa kanyang panunungkulan ay naipamalas ni Kgg. Cruz ang mataas na antas ng pamumuno at paglilingkod na nagbigay ng mahalagang ambag sa kaunlaran at kapakanan ng bayan at ng mga mamamayan nito;

SAPAGKAT, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya kundi pati na rin sa buong sambayanan ng Taytay na kanyang pinaglingkuran;

SAPAGKAT, ang buong bayan ng Taytay sa pangunguna ng Kgg. Punong Bayan Allan Martine S. De Leon at ang bumubuo ng ika-12 Sangguniang Bayan ng Taytay ay nagpapaabot ng panalangin para sa mapayapang paglalakbay ng kapwa lingkod bayan patungo sa kaharian ng Dakilang Maylikha;

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagpapasya, ang PAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI KGG. ALMARIO ATANACIO CRUZ AT PAGKILALA SA KANYANG PAGIGING HUWARANG LINGKOD BAYAN NG TAYTAY, RIZAL.

PINAGPASYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-07 ng Mayo, 2025, 2:08 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahan ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-142 Pangkaraniwang Pulong ng ika-07 ng Mayo, taong 2025 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**ATTY. STANLEE D. CALMA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal / Pansamantalang Tagapamatnugot

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Pangalawang Punong Bayan

**KGG. JAN VICTOR B. CABITAC**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JOHN TOBIT E. CRUZ**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. ANDRES C. CRUZ JR.**
Konsehal

**KGG. ROSELLER Z. VALERA**
Pangulo Liga ng mga Barangay

**KGG. LUCIA MARIE D. ALCANTARA**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan